

Aralin sa Filipino

Aralin sa Pandiwa

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Ang **pandiwa** (*verb*) ay salitang nagsasaad ng kilos o galaw. Nakalista sa talahanayan sa araling ito ang mga karaniwang pandiwa sa Filipino. Binibigay ang salitang-ugat (*root word*) at salin nito sa Inggles. Nakaayos na paalpabeto ang mga salitang-ugat. Tandaan na hindi lahat ng salitang-ugat sa talahanayan ay pandiwa. Binibigay din ang pandiwa sa tatlong aspekto nito.

Ang pandiwa na nasa **aspektong pangnagdaan** (*past tense*) ay nagsasaad ng kilos na ginawa na, natapos na, o naganap na. Ang aspektong ito ay tinatawag din na **aspektong naganap** o **aspektong perpektibo**. Ang mga halimbawa nito ay *nakita*, *bumili*, *inulit*, at *sinundan*.

Ang pandiwa na nasa **aspektong pangkasalukuyan** (*present tense*) ay nagsasaad ng kilos na kasalukuyang ginagawa o naganap, o ginagawang paulit-ulit. Ang aspektong ito ay tinatawag ding **aspektong naganap** o **aspektong imperpektibo**. Ang mga halimbawa nito ay *nakikita*, *bumibili*, *inuulit*, at *sinusundan*.

Ang pandiwa na nasa **aspektong panghinaharap** (*future tense*) ay nagsasaad ng kilos na gagawin pa lamang at hindi pa nangyayari o naganap. Ang aspektong ito ay tinatawag ding **aspektong magaganap** o **aspektong kontemplatibo**. Ang mga halimbawa nito ay *makikita*, *bibili*, *wulitin*, at *susundan*.

Ang ilang pandiwa sa talahanayan ay mayroong *actor-focus* at *object-focus*. Ang pandiwa na may **actor-focus** ay nagsasaad ng kilos na ginagawa ng tao o aktor. Kung bagay ang gumawa ng kilos na tinutukoy ng pandiwa, ang pandiwa ay may *actor-focus* din. Sa talahanayan, ang pandiwa na may *actor-focus* ay may (A) pagkatapos ng salitang-ugat.

Ang pandiwa na may **object-focus** ay nagsasaad ng kilos na ginagawa sa tao o anumang bagay na tumatanggap ng kilos. Sa pangungusap, ang pandiwa na may *object-focus* ay nangangailangan ng *object*, ang tao o bagay na tumatanggap ng kilos. Sa talahanayan, ang pandiwa na may *object-focus* ay may (O) pagkatapos ng salitang-ugat.

Tingnan ang pagkakaiba ng pandiwa na may *actor-focus* sa pandiwang may *object-focus*.

[1a] Si Maria ay *umaawit*./*Umaawit* si Maria. (Maria is *singing*.)

Ang pandiwang *umaawit* ay may *actor-focus* dahil si Maria ang gumagawa ng kilos na ito. Siya ang *umaawit*.

[1b] *Inaawit* ni Maria ang Lupang Hinirang./Lupang Hinirang ang *inaawit* ni Maria.
(Maria is *singing* Lupang Hinirang.)

Ang pandiwang *inaawit* ay may *object-focus* dahil may bagay na tumatanggap ng kilos na ito (kung ano ang *inaawit*). Ang *object* sa [1b] ay ang awit na Lupang Hinirang. Ito ang *inaawit*.

[2a] Si Maria ay *naghihintay*./*Naghihintay* si Maria. (Maria is *waiting*.)

Ang pandiwang *naghihintay* ay may *actor-focus* dahil si Maria ang gumagawa ng kilos na ito. Siya ang *naghihintay*.

[2b] *Hinihintay* ni Maria si Mario./Si Mario ang *hinihintay* ni Maria.

(Maria is *waiting* for Mario.)

Ang pandiwang *hinihintay* ay may *object-focus* dahil may taong tumatanggap ng kilos na ito (kung sino ang *hinihintay*). Ang *object* sa [2b] ay si Mario. Si Mario ang *hinihintay*.

[3a] Si Maria ay *kumain* ng mansanas./*Kumain* ng mansanas si Maria.

(Maria *ate* an apple.)

Ang pandiwang *kumain* ay may *actor-focus* dahil si Maria ang gumawa ng kilos na ito. Siya ang *kumain*.

[3b] *Kinain* ni Maria ang mansanas./Ang mansanas ay *kinain* ni Maria.

(Maria *ate* the apple./The apple *was eaten* by Maria.)

Ang pandiwang *kinain* ay may *object-focus* dahil may bagay na tumatanggap ng kilos na ito (kung ano ang *kinain*). Ang *object* sa [3b] ay ang mansanas. Ang mansanas ang *kinain*.

Salitang-ugat	English translation	Aspektong Pangnagdaan	Aspektong Pangkasalukuyan	Aspektong Panghinaharap
abot	<i>overtake/arrive on time</i>	umabot	umaabot	aabot
abót	<i>reach for/hand over</i>	inabot	inaabot	aabutin
akyat (A)	<i>climb</i>	umakyat	umaakyat	aakyat
akyat (O)	<i>climb</i>	inakyat	inaakyat	aakyatin
alaga (A)	<i>care for</i>	nag-alaga	nag-aalaga	mag-aalaga
alaga (O)	<i>care for</i>	inalagaan	inaalagaan	aalagaan
alam	<i>find out</i>	inalam	inaalam	aalamin
alis (A)	<i>leave/depart</i>	umalis	umaalis	aalis
alis (O)	<i>remove</i>	inalis	inaalis	aalisin
aral	<i>study</i>	nag-aral	nag-aaral	mag-aaral
awit (A)	<i>sing</i>	umawit	umaawit	aawit
awit (O)	<i>sing</i>	inawit	inaawit	aawitin
ayos (A)	<i>fix/organize</i>	nag-ayos	nag-aayos	mag-aayos
ayos (O)	<i>fix/organize</i>	inayos	inaayos	aayusin
baba	<i>go down/get off</i>	bumaba	bumababa	bababa
bangon	<i>rise up</i>	bumangon	bumabangon	babangon

Salitang-ugat	English translation	Aspektong Pangnagdaan	Aspektong Pangkasalukuyan	Aspektong Panghinaharap
basa (A)	<i>read</i>	nagbasa	nagbabasa	magbabasa
basa (O)	<i>read</i>	binasa	binabasa	babasahin
bayad (A)	<i>pay</i>	nagbayad	nagbabayad	magbabayad
bayad (O)	<i>pay for</i>	binayaran	binabayaran	babayaran
benta (A)	<i>sell</i>	nagbenta	nagbebenta	magbebenta
benta (O)	<i>sell</i>	ibinenta	ibinibenta	ibebenta
bigay (A)	<i>give/bestow</i>	nagbigay	nagbibigay	magbibigay
bigay (O)	<i>give/bestow</i>	binigay	binibigay	ibibigay
bigay (O)	<i>give/bestow</i>	binigyan	binibigyan	bibigyan
bihis	<i>change clothes</i>	nagbihis	nagbibihis	magbibihis
bilang	<i>count/enumerate</i>	nagbilang	nagbibilang	magbibilang
bili (A)	<i>buy</i>	bumili	bumibili	bibili
bili (O)	<i>buy</i>	binili	binibili	bibilhin
buhay	<i>live/exist</i>	nabuhay	nabubuhay	mabubuhay
bukas	<i>open/uncover/turn on</i>	binuksan	binubuksan	bubuksan
busog	<i>be satisfied (after eating)</i>	nabusog	nabubusog	mabubusog
daan	<i>pass through/over, drop by for a visit</i>	dumaan	dumadaan, dumaraan	dadaan, daraan
daan	<i>pass by to fetch someone</i>	dinaanan	dinadaanan	dadaanan
dala	<i>carry/bring/deliver</i>	dinala	dinadala	dadalhin
dalaw	<i>visit</i>	dinalaw	dinadalaw	dadalawin
dasal	<i>pray</i>	nagdasal	nagdadasal, nagdarasal	magdadasal, magdarasal
dating	<i>arrive</i>	dumating	dumadating	dadating
dilig (A)	<i>water (plants)</i>	nagdilig	nagdidilig	magdidilig
dilig (O)	<i>water (plants)</i>	diniligan	dinidiligan	didiligan
galaw	<i>move</i>	gumalaw	gumagalaw	gagalaw
galing	<i>get better</i>	gumaling	gumagaling	gagaling
galit	<i>get angry</i>	nagalit	nagagalit	magagalit
gamit (A)	<i>use</i>	gumamit	gumagamit	gagamit
gamit (O)	<i>use</i>	ginamit	ginagamit	gagamitin
gawa (A)	<i>do/make</i>	gumawa	gumagawa	gagawa
gawa (O)	<i>do/make</i>	ginawa	ginagawa	gagawin

Salitang-ugat	English translation	Aspektong Pangnagdaan	Aspektong Pangkasalukuyan	Aspektong Panghinaharap
gising (A)	<i>wake up</i>	nagising	nagiging	giging
gising (O)	<i>wake up</i>	ginising	giniging	gigingin
guhit	<i>draw/sketch</i>	gumuhit	gumuguhit	guguhit
gupit	<i>cut</i>	ginupit	ginugupit	gugupitin
halik	<i>kiss</i>	humalik	humahalik	hahalik
hanap (A)	<i>look for</i>	naghanap	nagahanap	magahanap
hanap (O)	<i>look for</i>	hinanap	hinahanap	hahanapin
handa	<i>prepare</i>	hinanda	hinahanda	ihahanda
hatid	<i>escort</i>	hinatid	hinahatid	ihahatid
hawak	<i>take hold of</i>	hinawakan	hinahawakan	hahawakan
higa	<i>lie down</i>	humiga	humihiga	hihiga
hila	<i>pull</i>	hinila	hinihila	hihilahin
hingi	<i>ask for</i>	humingi	humihingi	hihingi
hintay (A)	<i>wait</i>	naghintay	naghihintay	maghihintay
hintay (O)	<i>wait</i>	hinintay	hinihintay	hihintayin
hinto	<i>stop</i>	huminto	humihinto	hihinto
hiram	<i>borrow</i>	hiniram	hinihiram	hihiramin
hugas (A)	<i>wash</i>	naghugas	naguhugas	maguhugas
hugas (O)	<i>wash</i>	hinugasan	hinuhugasan	huhugasan
hulog	<i>fall</i>	nahulog	nahuhulog	mahuhulog
ibig	<i>love (romantically)</i>	umibig	umiibig	iibig
ingay	<i>make noise</i>	nag-ingay	nag-iingay	mag-iingay
inom (A)	<i>drink</i>	uminom	umiinom	iiinom
inom (O)	<i>drink</i>	ininom	iniinom	iinum
ipon	<i>collect/save</i>	nag-ipon	nag-iipon	mag-iipon
isip (A)	<i>think</i>	nag-isip	nag-iisip	mag-iisip
isip (O)	<i>think</i>	naisip	naiisip	maiisip
iyak	<i>cry</i>	umiyak	umiyyak	iyyak
kagat	<i>bite</i>	kumagat	kumakagat	kakagat
kain (A)	<i>eat</i>	kumain	kumakain	kakain
kain (O)	<i>eat</i>	kinain	kinakain	kakainin
katok	<i>knock (on door)</i>	kumatok	kumakatok	kakatok
kilala	<i>introduce (oneself)</i>	nagpakilala	nagpapakilala	magpapakilala
kinig	<i>listen/hear</i>	nakinig	nakikinig	makikinig
kita	<i>see</i>	nakita	nakikita	makikita

Salitang-ugat	English translation	Aspektong Pangnagdaan	Aspektong Pangkasalukuyan	Aspektong Panghinaharap
kuha (A)	<i>get/obtain</i>	kumuha	kumukuha	kukuha
kuha (O)	<i>get/take</i>	kinuha	kinukuha	kukunin
laba	<i>wash clothes</i>	naglaba	naglalaba	maglalaba
laban	<i>fight/defy</i>	lumaban	lumalaban	lalaban
labas	<i>come out</i>	lumabas	lumalabas	lalabas
lagay	<i>put/place/lay</i>	inilagay	inilalagay	ilalagay
lakad	<i>walk</i>	naglakad	naglalakad	maglalakad
laki	<i>grow in size</i>	lumaki	lumalaki	lalaki
langoy	<i>swim</i>	lumangoy	lumalangoy	lalangoy
lapit	<i>approach/come close</i>	lumapit	lumalapit	lalapit
laro	<i>play</i>	naglaro	naglalaro	maglalaro
layo	<i>avoid/keep away from</i>	lumayo	lumalayo	lalayo
ligo	<i>take a bath/bathe</i>	naligo	naliligo	maliligo
linis	<i>clean</i>	naglinis	naglilinis	maglilinis
lipad	<i>fly</i>	lumipad	lumilipad	lilipad
lipat	<i>move/transfer</i>	nilipat	nililipat	ililipat
luto	<i>cook</i>	nagluto	nagluluto	magluluto
mahal (A)	<i>love/hold dear</i>	nagmahal	nagmamahal	magmamahal
mahal (O)	<i>love/hold dear</i>	minahal	minamahal	mamahalin
maneho	<i>drive</i>	nagmaneho	nagmamaneho	magmamaneho
nakaw (A)	<i>steal</i>	nagnakaw	nagnanakaw	magnanakaw
nakaw (O)	<i>steal</i>	ninakaw	ninanakaw	nanakawin
ngiti	<i>smile</i>	ngumiti	ngumigniti	ngingiti
nood	<i>watch a show/look at</i>	nanood	nanonood	manonood
paalam	<i>ask permission/ say goodbye</i>	nagpaalam	nagpapaalam	magpapaalam
pahinga	<i>rest</i>	nagpahinga	nagpapahinga	magpapahinga
panalo	<i>win</i>	nanalo	nananalo	mananalo
pasok	<i>enter/go into/go to work or school</i>	pumasok	pumapasok	papasok
pili	<i>choose</i>	pinili	pinipili	pipiliin
punta	<i>go to a place or person</i>	pumunta	pumupunta	pupunta
putol	<i>cut down</i>	pinutol	pinuputol	puputulin

Salitang-ugat	English translation	Aspektong Pangnagdaan	Aspektong Pangkasalukuyan	Aspektong Panghinaharap
sabi (A)	<i>say</i>	nagsabi	nagsasabi	magsasabi
sabi (O)	<i>say</i>	sinabi	sinasabi	sasabihin
sagot	<i>reply/answer</i>	sumagot	sumasagot	sasagot
sakay (A)	<i>go aboard/ride</i>	sumakay	sumasakay	sasakay
sakay (O)	<i>go aboard/ride</i>	sinakyan	sinasakyan	sasakyan
sakit (A)	<i>hurt</i>	nasaktan	nasasaktan	masasaktan
sakit (O)	<i>hurt</i>	sinaktan	sinasaktan	sasaktan
sali	<i>join (an activity)</i>	sumali	sumasali	sasali
salita	<i>speak</i>	nagsalita	nagsasalita	magsasalita
sara	<i>shut/shut off</i>	sinara	sinasara	isasara
sama (A)	<i>come along</i>	sumama	sumasama	sasama
sama (O)	<i>accompany</i>	sinamahan	sinasamahan	sasamahan
sayaw	<i>dance</i>	sumayaw	sumasayaw	sasayaw
sigaw	<i>shout</i>	sumigaw	sumisigaw	sisigaw
sipilyo	<i>brush teeth</i>	nagsipilyo	nagsisipilyo	magsisipilyo
sira (A)	<i>break/damage</i>	sinira	sinisira	sisirain
sira (O)	<i>break down</i>	nasira	nasisira	masisira
suklay	<i>comb one's hair</i>	nagsuklay	nagsusuklay	magsusuklay
sulat	<i>write down</i>	sinulat	sinusulat	susulatin
sundo	<i>fetch someone</i>	sinundo	sinusundo	susunduin
sunod (A)	<i>obey/follow</i>	sumunod	sumusunod	susunod
sunod (O)	<i>follow someone</i>	sinundan	sinusundan	susunandan
suot	<i>wear</i>	sinuot	sinusuot	susuutin
tago	<i>hide</i>	nagtago	nagtatago	magtatago
takbo	<i>run</i>	tumakbo	tumatakbo	tatakbo
talon	<i>jump</i>	tumalon	tumatalon	tatalon
tanggal	<i>detach/disconnect</i>	tinanggal	tinatanggal	tatanggalin
tanggap (A)	<i>accept</i>	tinanggap	tinatanggap	tatanggapin
tanggap (O)	<i>receive</i>	tumanggap	tumatanggap	tatanggap
tanim	<i>plant</i>	nagtanim	nagtatanim	magtanim
tanong	<i>ask a question/ inquire</i>	nagtanong	nagtatanong	magtatanong
tawa	<i>laugh</i>	tumawa	tumatawa	tatawa

Salitang-ugat	English translation	Aspektong Pangnagdaan	Aspektong Pangkasalukuyan	Aspektong Panghinaharap
tawag (A)	<i>call</i>	tumawag	tumatawag	tatawag
tawag (O)	<i>call on/summon</i>	tinawag	tinatawag	tatawagin
tawid	<i>go across</i>	tumawid	tumatawid	tatawid
tapon	<i>throw</i>	tinapon	tinatapon	itatapon
tapos	<i>finish/complete</i>	tinapos	tinatapos	tatapusin
tingin (A)	<i>look at</i>	tumingin	tumitingin	titingin
tingin (O)	<i>look at</i>	tiningnan	tinitingnan	titingnan
trabaho	<i>work</i>	nagtrabaho	nagtatrabaho	magtatrabaho
tulak	<i>push</i>	tinulak	tinutulak	itutulak
tulog	<i>sleep</i>	natulog	natutulog	matutulog
tulong (A)	<i>help</i>	tumulong	tumutulong	tutulong
tulong (O)	<i>help</i>	tinulungan	tinutulungan	tutulungan
tuloy	<i>proceed</i>	tumuloy	tumutuloy	tutuloy
turo	<i>teach</i>	nagturo	nagtuturo	magtuturo
tuto (A)	<i>learn</i>	natuto	natututo	matututo
tuto (O)	<i>learn</i>	natutunan	natututunan	matututunan
ubos	<i>use up/consume completely</i>	inubos	inuubos	uubusin
ulit (A)	<i>repeat</i>	nag-ulit	nag-uulit	mag-uulit
ulit (O)	<i>repeat</i>	inulit	inuulit	uulitin
unlad	<i>develop</i>	umunlad	umuunlad	uunlad
upo	<i>sit</i>	umupo	umuupo	uupo
usap (A)	<i>talk/converse</i>	nag-usap	nag-uusap	mag-uusap
usap (O)	<i>speak with</i>	kinausap	kinakausap	kakausapin
utos (A)	<i>give an order</i>	nag-utos	nag-uutos	mag-uutos
utos (O)	<i>ask to do something</i>	inutusan	inuutusan	uutusan
wala	<i>disappear</i>	nawala	nawawala	mawawala
walis	<i>sweep</i>	nagwalis	nagwawalis	magwawalis
yakap	<i>hug/embrace</i>	niyakap	niyayakap	yayakapin